



ERBUHAY

(english edition: www.verbuhaymagasin.com)

GABAY SA BIBLE SHARING

KATAWAN AT DUGO NI KRISTO (DAKILANG KAPISTAHAN (K) • HUNYO 23, 2019

Inaalay na Buhay

(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gen 14: 18-20)

¹⁸NOONG mga araw na iyon, dinalhan ni Melquisedec, hari ng Salem at saserdote ng Kataas-taasang Diyos, si Abram ng tinapay at alak, ¹⁹at pinagpala ng ganito: “**Pagpalain** ka nawa, Abram, ng Diyos na Kataas-taasan na lumikha ng langit at lupa. ²⁰Purihin ang Kataas-taasang Diyos na nagbigay sa iyo ng tagumpay!” At ibinigay ni Abram kay Melquisedec ang ikapu ng lahat ng kanyang nasamsam.

Tema: **Pagpapala**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay nag-umpisa pagkatapos nang matakasan ni Abram ang mga hari na dumukot kay Lot, na kanyang kamag-anak.
- Bigla na lamang sumulpot si Melquisedec (b.18)!
- Kahalagahan: upang handugan ng pagpapala si Abram (*Abraham* ang pangalan niya sa Gen 17:5).
- Mahalagang isaisip natin ang mga dala ni Melquisedec: tinapay at alak (b.18), ito ay mahalaga sa pagpapabayon ng liturhiya.

PAGNINILAY

Mula pa noong sinaunang panahon, ang tinapay ay mahalagang handog. Tinapay na nagbibigay kalakasan sa buhay ng isang tao; at ang alak naman



ay nagdudulot ng kagalakan sa puso ninuman. Sa pamamagitan ng paghahandog ng mga alay na ito sa iba, tayo rin naman ay maituturing na naghahandog sa iba ng iilang bahagi ng ating buhay.

Ang tinapay at ang alak ay mga bungang pang-agrikultura at mga pangkaraniwang pagkain para sa mga taong nakatira sa lupain ng Gitnang Silangan (Mediterranean). Nakapa-ordinaryo.

Kasama ng pag-aalay na ito ay ang pagpapala na hindi lamang kay Abram (taga-pangalaga/taga-konsumo), sa gayun din naman na nagmula sa Diyos (naglikha ng lahat ng mga bagay na ito).

SALMONG TUGUNAN (Slm 109)

IKA'Y PARING WALANG HANGGAN
KATULAD NI MELQUISEDEC.

IKALAWANG PAGBASA (1 Cor 11:23-26)

²³ITO ang aral na tinanggap ko sa Panginoon at ibinigay ko naman sa inyo: ang Panginoong Hesus, noong gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng **tinapay**, ²⁴nagpasalamat, at pinaghati-hati ito, at sinabi, “Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin

ninyo ito sa pag-alala sa akin.”²⁵Gayun din naman, matapos maghapunan ay hinawakan niya ang **kalis** at sinabi, “Ang kalis na ito ang bagong tipan na pinagtitibay ng aking dugo. Tuwing iinumun ninyo ito, gawin ninyo sa pag-alala sa akin.”²⁶Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at inom sa kalis na ito ay ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon, hanggang sa muling pagparito niya.

Tema: Ang Tinapay (Katawan) at Kalis (Dugo ni Kristo)

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay samakatuwid tumutukoy sa Huling Hapunan na makita sa Ebanghelyo.
- Ang panalangin sa pan at alak ay matatagpuan din dito sa bb. 23-25.
- Binigyang-diin ni Pablo sa b.23 na ang panalangin na ito sa Huling Hapunan ay winika mismo ng Panginoong Hesu-Kristo.
- Sa puntong ito, ang mga Ebanghelyo (lalo ang *synoptico* na Mt, Mc, Lc) ay hindi pa naisusulat.
- Ang b.26 ay orihinal na nagmula kay Pablo. Ito ay itinampok ng mga dalubhasa sa liturhiya bilang panalangin sa pagbabasbas, na mas kilala sa tawag na Aklamasyon- K.
- Ang kahalagahan ng pagkain ng tinapay at paginom ng alak ay ang **pag-alaala** kay Hesus (bb.24 at 25).

PAGNINILAY

Kasama ng pagpapahayag ng Mabuting Balita ni San Pablo sa mga taga Korinto ay ang pagnanais na sila’y mabinyagan. Bilang isang komunidad ng mga bininyagang Kristiyano, ang mga taga-Korinto ay magalak na nagdiriwang ng Banal na Eukaristiya (Pagpapasalamat).

Naunawaan ng buong-buo ni San Pablo ang panalangin ng Eukaristiya sa Huling Hapunan. Marahil ay tinutukoy ni San Pablo ang tradisyon ng mga Kristiyano nang mga panahong iyon, na siya namang ibinunyag sa kanya ng Panginoon.

Ang natatanging dahilan kung bakit ang mga

Kristiyano ay kinakailangang kumain at uminom ng katawan at dugo ni Hesus: “bilang pag-alala sa Kanya.” Ito ay ang sakramento ng pag-alaala.

MABUTING BALITA (Lc 9:11-17)

¹¹NOONG panahong iyon, nagsalita si Hesus sa mga tao tungkol sa paghahari ng Diyos; pinagaling niya ang mga may karamdaman.

¹²Nang dumidilim na’y nilapitan siya ng Labindalawa at sinabi sa kanya, “Paalisin na po ninyo ang mga tao nang makaparoon sila sa mga nayon sa kabukiran sa paligid upang humanap ng makakain at matutuluyan. Nasa isang ilang na lugar po tayo.”¹³Ngunit sinabi niya, “Kayo ang magbibigay sa kanila ng makakain.” Sumagot sila, “Wala po tayo kundi limang tinapay at dalawang isda, kaya kailangang bumili kami ng pagkain para sa mga taong ito.”¹⁴May limanlibong lalaki ang naroon. Ngunit sinabi niya sa kanyang mga alagad, “Paupuin ninyo sila nang pulu-pulutong na tiglimampu.”¹⁵Gayon nga ang ginawa nila—pinaupo ang lahat. Kinuha ni Hesus ang limang tinapay at dalawang isda, **tumingala sa langit, at nagpasalamat sa Diyos. Pinaghati-hati niya ang mga ito, at ibinigay sa kanyang mga alagad upang ipamahagi sa mga tao.**¹⁷**Nakakain ang lahat at nabusog.** Tinipon ng mga alagad ang lumabis; at nakapuno sila ng labindalawang bakol.

Tema: Pinakain ang 5000 ka Tao

PAGPAPALIWANAG

- Ang kwentong ito ay mas kilala bilang Pagpaparami ng Tinapay at ang Pagpapakain ng Limang libong Tao.
- Ang Pagpaparami ay ipinamalas sa kontekto ng pagpapahayag ng kaharian ng Diyos at pagpapagaling (b.11).
- Una sa lahat, si Kristo ay pumarito upang ipahayag

ang kaharian ng Diyos. Ang pagpapagaling at ang mga milagro ay ang mga palatandaan ng pagparito ng kaharian ng Diyos.

- Nagsimula ang kwento sa pagbabalik ng labin-dalawang apostol mula sa kanilang misyon at sila’y pinagkalooban ng handog ni Hesus (na sila’y makapagpahinga muna sa Betsaida ng mapayapa, ngunit ang planong ito ay napag-alaman ng maraming tao at sila’y sumunod sa patutunguhan ni Hesus at ng kanyang mga apostol [9:1-6, 10]).
- Si Hesus ay nangaral sa kanila hanggang sa paglubog ng araw. Sila ay gutom sa Salita ng Diyos. At ang labing-dalawa ay nangamba (b.12).
- Ang b.14 ay mahalagang detalye na inihayag sa atin ng ebanghelistang—5000 mga lalaki lamang (ngunit paano naman ang mga kababaihan at mga bata?)
- Si Hesus ay nagsabi sa mga apostol na bigyan ng pagkain ang mga tao. Isang napakalaking alalahanin para sa mga apostol. Hindi biro ang magpakain ng 5000 katao; kakabalik lamang nila mula sa misyon at puno ng kagalakan sapagkat sila ay nagtagumpay sa kanilang misyon (b.13).
- Hindi pinahintulutan ni Hesus ang ninanais ng mga apostol na pauwiin na lamang ang mga tao.
- Ang b.13b ay nagpapahayag ng natural na reaksyon ng mga apostol: ang kanilang kawalan ng mahihingan ng tulong
- Iniutos ni Hesus sa mga apostol na panatilihin nakaupo ang mga tao (at paupuin ang iilan).
- Sa b.16 nakikita ang pagbabasbas sa Huling Hapunan: *kinuha* ang tinapay, *binasbasan*, *hinatihati* ito, at *iniabot* sa kaniyang mga alagad.
- Ibinalita sa atin sa b.17 na: ang lahat ay nakakain at nabusog. At mayroon pa ngang natira. Ano kaya ang ibig sabihin nito?

PAGNINILAY

Ang pagpaparami ng tinapay (at ng isda) ay nagpapaalala sa atin ng Eukaristiya. Ito ay nagbibigay sa atin ng panibagong kaalaman

tungkol sa tinapay sa Eukaristiya: na ito ay kayang paramihin. Ito ang tinapay na maaaring ihandog at ipagkaloob sa tanan.

Ang tinapay na ipinapagkaloob sa atin ni Hesus ay marapat na kainin na may gaan ng loob at mapayapang disposisyon.

Hindi kinakailangang mangamba ng mga apostol (taga-sunod ni Kristo) kung saan kukuha ng kinakailangang pagkain. Si Hesus na mismo ang bahalang mangalap ng pagkukunan.

Sa gayun, kinakailangang ng mga disipulo na maging handa upang ipamahagi ang mga kaloob nito sa sangkatauhan.

Ang ating pagpapagal para makapaghanda ng pagkain sa mesa ng Panginoon ay hindi lamang para sa isang maliit na pamilya o komunidad; ang pagpapagal na ito ay hindi kumikilala ng kapaguran o pagtigil sa paggawa. Kinakailangang laging paghandaan ng mga manggagawa ang isang makabuluhang handog para sa maraming tao.

Ang pagbibigay ng pakikinaabang (Holy Communion) ay trabaho ng mga alagad ng Simbahan (*pari, diyakono at mga ekstra-ordinaryong ministro ng Banal na Eukaristiya*).

Nararapat lang sa mga ministro ang maging laging handa sa pagpapakain ng mga nagugutom, ang magtrabaho ng lubusan, kahit na katatapos palang nila sa pagpapahayag ng Mabuting Balita, sa pangangaral, sa pagdulot ng kagalingan sa mga may sakit at ang pagtakwil ng mga demonyo.

Ang Eukaristiya ay kinakailangang maibahagi sa lahat. Kinakailangan lamang na tayo ay patuloy na magtiwala na tayo’y pagkalooban ng ating kinakailangan. At sa huli pa nga’y, mayroon pang sobra. Maraming tao ang naghahangad na palagi ang makakain o makatatanggap ng Banal na Eukaristiya.

Ang ating mahalagang trabaho bilang mga alagad ni Hesus ay ang pagbibigay ng pagkain sa mga nagugutom sa Salita ng Diyos. Sila’y ating busugin sa pamamamagitan ng tinapay na nagiging tunay na Katawan ni Hesus.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay lubusang tumutukoy sa tinapay at alak.

Ibinabahagi naman ng Ikalawang Pagbasa ang pagkaing pang-Eukaristiya (*tinapay at alak=katawan at dugo*), na siya naming paraan bilang paggunita kay Hesus.

Ang Ebanghelyo naman ay naglalahad ng pagpaparami ng tinapay, at gumamit ng panalanging Eukaristiya na mula sa Huling Hapunan.

III. SALAMIN NG BUHAY

Tunay na mahilig ang mga Pinoy na magdiwang ng Piyesta. Ano ang iyong pinakapaboritong aspeto ng pagdiriwang ng piyesta? Bakit?

Anu-ano ang mga bagay o pangyayaring iyong natanggap at nais mong ipagpapasalamat sa Diyos tuwing ipinagdiriwang ang Banal na Misa?

Ano ang mga kabutihang idinulot sa iyo ng Banal na Misa? (HM)

Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**
Isinalin ni Cl. Edward Anthony A. Cometa




(Pangwakas na Panalangin)

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin. Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)